Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Quezon
**BAYAN NG POLILLO**
-ooOoo-

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

---

**HALAW BUHAT SA KATITIKAN NG IKA-WALUMPU'T LIMANG (85) PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG POLILLO, QUEZON NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG POLILLO, AT SA PAMAMAGITAN NG ZOOM, ISANG SOCIAL MEDIA APPLICATION NOONG MARSO 1, 2021, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.**

RUFINO RENE Q. MARQUITA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Rufino Rene Q. Marquita, | Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo, |
| Kagalang-galang Rudy S. Pumarada, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Albert R. Agunias, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Cipriano A. Susa, Jr., | Konsehal, |
| Kagalang-galang Joel V. Asis, | Konsehal, |
| Kagalang-galang, Judy Rev V. Verzosa, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Claro A. Marasigan, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Hubert Bismarck A. Espiritu, | Konsehal, |
| Kagalang-galang Ronald R. Madriñan, | Pangulo-PPLB/Ex-Officio, |
| Kagalang-galang Ian Kristoffer R. Del Moro, | Pangulo-PPSK/Ex-Officio, |

**HINDI DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Bella A. Correces, | Konsehal, (O.B.). |

**RESOLUSYON BLG. 018-2021**

ARIEL R. PARALE
Administrative Aide VI
Pansamantalang Tagatala

**ISANG RESOLUSYONG HUMIHILING SA PAMUNUAN NG WOW DRIVING SCHOOL, INFANTA, QUEZON, NA KUNG MAAARI AY MAANYAYAHAN ANG KANILANG MGA KINATAWAN DITO SA BAYAN NG POLILLO, QUEZON UPANG MULING MAGSAGAWA NG LABING LIMANG (15) ORAS NA "LTO MANDATORY THEORETICAL DRIVING COURSE" DITO SA BAYAN NG POLILLO BILANG PAGHAHANDA NG MGA NAGNANAIS NA KUMUHA NG "STUDENT PERMIT" MULA SA LAND TRANSPORTATION OFFICE (LTO)**

**SAPAGKA'T**, marami dito sa Bayan ng Polillo, Quezon ang nagnanais na makakuha ng "Student Permit" mula sa Land Transportation Office (LTO) para sila ay makapagmaneho ng kanilang sasakyan;

**SAPAGKA'T**, alinsunod sa itinatakda ng Memorandum Circular No. 2019-2176 na ipinatutupad ng Land Transportation Office (LTO) ang lahat ng nagnanais kumuha ng "Student Permit" ay kinakailangang sumailalim muna sa "15 Hours LTO Mandatory Driving Course" na isasagawa ng isang lisensyado at "LTO-Accredited Driving School" bago sila mabigyan nito;

**SAPAGKA'T**, walang lisensyadong "driving school" dito sa bayan ng Polillo, Quezon;

**KUNG KAYA AT**, sa mungkahi ni Kon. Albert R. Agunias, na sinang-ayunan ng lahat, ay:

**PASIYAHAN**, tulad ng dito'y ipinasisiya at pinagtitibay, na hilingin sa Pamunuan ng Wow Driving School, Infanta, Quezon na kung maaari ay maanyayahan ang kanilang mga Kinatawan dito sa bayan ng Polillo upang muling magkakaroon ng labing limang (15) oras na "Theoretical Driving Course" dito sa bayan ng Polillo bilang paghahanda ng mga nagnanais na kumuha ng "student permit mula sa Land Transportation Office (LTO);

**PASIYAHAN PA RIN**, na ipadala ang Resolusyong ito sa pamunuan ng WOW Driving School, Infanta, Quezon, at sa iba pang kinauukulang Tanggapan para sa kanilang kaalaman tungkol sa bagay na ito.

**PINAGTIBAY NG LAHAT.**
Marso 1, 2021

x----------------------------------------------------------------------------------------------------x

*Pinatutunayan ko alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 54 at 469 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na pinagtibay ng Sangguniang Bayan ang **Resolusyon Blg. 018-2021** sa petsang binabanggit sa unahan nito.*

**ARIEL R. PARALE**
(Administrative Aide VI)
Pansamantalang Tagatala

**PINATUTUNAYANG WASTO AT GANAP NA PINAGTIBAY:**

**RUFINO RENE Q. MARQUITA**
Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo

*Sinipi noong:*
***March 10, 2021***